G Pensiyon

Bumalik sa TOP ng G Pensiyon

Ang sistema ng pampublikong pensiyon ng Japan

2 Employees' Pension Fund (Kousei Nenkin Hoken)

Kailangang sumapi sa Employees' Pension Fund at National Pension Fund ang mga taong nagtatrabaho sa mga kompanya.

Kasapi ang lahat ng naninirahan sa Japan

1 National Pension Fund o Kokumin Nenkin (Basic Pension)

Mga tao na may edad 20 pataas hanggang 59 na hindi maaaring sumapi sa Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken)	**(1) Mga maaaring maging miyembro**	Mga tao na nagtatrabaho sa kompanya o opisina
Pumunta sa munisipyo kung saan kumuha ng alien registration card at mag-aplay sa Pensions Section.	**(2) Paraan ng pagaaplay**	Ang kompanya o opisina ang siyang maglalakad ng aplikasyon para sa Employees' Pens ion (Kousei Nenkin Hoken) at National Pension Fund (Kokumin Hoken) ng empleyado.
14,660 yen ang babayarang premium buwan-buwan, kahit magkano pa ang kinikita ng indibidwal.	**(3) Halaga ng premium**	Depende sa k inik i t a ng empleyado ang babayarang premium. Babayaran ng kompanya ang kalahati at iyong natitira ay ibabawas sa sahod ng empleyado.
Mayroong lump-sum withdrawal refund system para sa National Pension Fund (Kokumin Nenkin)	**Pag-uwi sa sariling bansa**	May roong lump - sum withdrawal refund system para sa National Pension Fund (Kokumin Nenkin) at Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken).

G Pensiyon

Bumalik sa TOP ng G Pensiyon

Ang pampublikong pensiyon ay isang sistema ng social insurance na nagbibigay suporta sa pamamagitan ng pensiyon kapag tumanda, nagkaroon ng kapansanan, naulila o namatayan. Sa panahon ng kagipitan tulad ng pagkakaroon ng kapansanan o pagkamatay, nagbibigay ng kasiguruhan ang pensiyon.

Bilang sistema ng pampublikong pensiyon, may tinatawag na (1) National Pension (Kokumin Nenkin) kung saan ang mga kasapi nito ay maaaring makatanggap ng Pensiyon para sa matatanda, Pensiyon para sa may kapansanan, at Pensiyon para sa pamilya ng namatayan, at (2) Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken) kung saan kasapi rito ang mga empleyado at may karagdagang matatanggap na pensiyon na batay sa kinikita ng isang empleyado, bukod sa kanyang Kokumin Nenkin.

1 National Pension (Kokumin Nenkin)

1-1 Pagiging miyembro sa National Pension

(1) Detalye para sa pagiging miyembro tulad ng edad, atbp.

Bagamat ang lahat ng mga naninirahan o residente sa Japan na edad 20 pataas hanggang 59, pati na ang mga dayuhan, ay kasapi ng National Pension Fund (Kokumin Nenkin), ang mga empleyadong kasapi ng Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken) ay kasapi rin ng National Pension Fund. Hindi na kailangang mag-aplay para sa National Pension Fund kung kasapi na sa Employees' Pension dahil awtomatikong nagiging miyembro ng National Pension Fund ang mga miyembro ng Employees' Pension.

(2) Paraan ng pag-aaplay sa National Pension

Pumunta at mag-aplay sa Pensions Section ng munisipyo at dalhin ang inkan o sariling pantatak (hindi kailangan ng inkan kung may pirma ng aplikante ang application form).

(3) Pagbabayad ng pension premium

Ang halaga ng premium na babayaran ay walang kinalaman sa kinikita ng indibiduwal. Buwan-buwan, dapat magbayad ng 14,660 yen (noong taong 2009). Matatanggap taon-taon tuwing Abril ang payment form na ipinadala ng Social Insurance Agency. Dalhin ang payment form na ito sa post office, bangko, o convenience store upang bayaran. Maaari ring magbayad mula sa inyong bank account.

Kapag maliit ang kinikita, o kaya' y nahihirapan sa pagbabayad ng premium, maaaring malibre sa pagbabayad ng buo o bahaging halaga kung hihilingin ito. Para sa mga estudyante, bagamat maaaring ipagpaliban ang pagbabayad sa pamamagitan ng paggamit ng sistemang "Sistema sa Pagbabayad ng Mag-aaral (Gakusei noufu tokurei seido)", may ilang mga eskuwelang hindi maaaring gamitan ng sistemang ito. Bilang alituntunin, kailangang mag-aplay bawat taon para halimbawa malibre sa pagbabayad ng premium (maliban sa mga may

legal exemption). Linawin ang mga detalye tungkol dito sa Pensions Section.

●Probisyonal na listahan ng mga kitang maaaring malibre sa pagbabayad

Uri ng paglilibre	Halimbawa ng Kita (Taunang Kita)			Halaga ng parsyal na bayad	Halaga ng Pensiyon
	Pamilyang may 1 miyembro	Pamilyang may 2 miyembro*	Pamilyang may 4 na miyembro*		
100% na libre	570,000 (1,220,000) yen	920,000 (1,570,000) yen	1,620,000 (2,570,000) yen	----	1/2
Pagpapaliban ng pagbayad ng mga bata				----	----
¾ o 75% na libre	930,000 (1,580,000) yen	1,420,000 (2,290,000) yen	2,300,000 (3,540,000) yen	3,670 yen	5/8
50% na libre	1,410,000 (2,270,000) yen	1,950,000 (3,040,000) yen	2,820,000 (4,200,000) yen	7,330 yen	6/8
Sistema sa pagbabayad ng mag-aaral				----	----
¼ o 25% na libre	1,890,000 (2,960,000) yen	2,470,000 (3,760,000) yen	3,350,000 (4,860,000) yen	11,000 yen	7/8

* Tumutukoy ang “Pamilyang may 2 miyembro” sa mag-asawa lang. Tumutukoy ang “Pamilyang may 4 na miyembro” sa mag-asawa at dalawang anak (edad na 16 taong gulang pababa).

1 National Pension (Kokumin Nenkin)

1-2 Uri ng benepisyo

(1) Pensiyon para sa mga matatanda (rourei kiso nenkin)

Maaaring itong makuha ng mga miyembrong edad na 65 taong gulang pataas, kung mahigit sa 25 taon na sila’y nagbayad ng premium (kasama na ang panahong nalibre sa pagbabayad ng premium)

(2) Pensiyon para sa mga may kapansanan (shougai kiso nenkin)

Maaari itong makuha ng mga miyembrong nagkaroon ng kapansanan at mga miyembrong napinsala ang katawan bago maging 20 taong gulang. Para sa mga miyembrong tumanggap dati ng disability welfare pension (shougai fukushi nenkin), tungkol sa kapansanang natamo bago maging 20 taong gulang, may limitasyon ang pensiyon ayon sa laki ng kita.

(3) Pensiyon para sa mga namatayan (izoku kiso nenkin)

Kapag namatay ang isang miyembro ng National Pension Fund, o namatay ang isang miyembro ng Pensiyon para sa mga matatanda o rourei kiso nenkin (kailangang kasapi nang 25 taon) na nakumpleto ang mga hinihinging kondisyon, maaaring makuha ng naiwang babaeng asawa na nag-aalaga ng kanilang anak na edad 18 taong gulang pababa, o makuha ng anak (hanggang sa huling araw na siya’y 18 taong gulang o kung may kapansanan ang anak, hanggang ito’y maging 20 taong gulang). Subalit kailangang nabayaran ng namatay ang mahigit sa 2/3 (66.66%) ng kanyang premium, upang makuha ng pamilya ang pensiyong ito.

1 National Pension (Kokumin Nenkin)

(4) Lump-sum withdrawal refund system (kapag uuwi na sa sariling bansa)

Mayroong lump-sum withdrawal refund system sa National Pension Fund at Employees' Pension. Ito ang sistema kung saan maaaring makuha ng isang dayuhan ang lump-sum withdrawal refund kung siya ay nagbayad ng premium nang mahigit sa 6 na buwan habang siya'y nasa Japan, at nag-aplay para makuha ang lump-sum withdrawal refund sa loob ng dalawang taon simula nang umuwi siya sa sarili niyang bansa. Para sa detalye, kumpirmahin ito sa Pensions Section ng inyong munisipyo.

●Tungkol sa pag-aaplay para makuha ang lump-sum withdrawal refund

Kondisyon ng Pag-aaplay	Mga Dokumentong Kailangang Ihanda	Mga Kalakip na Dokumento
Kailangang mag-aplay sa loob ng dalawang taon simula nang umuwi sa sariling bansa ang dayuhang nagbayad ng premium nang mahigit sa 6 na buwan.	Lump-sum withdrawal refund claim (National Pension Fund/ Employees' Pension)	1. Kopya ng pasaporte (pahinang nagsasaad ng petsa ng huling paglabas mula sa Japan, pangalan, kaarawan, nasyonalidad, pirma at uri ng visa) 2. Dokumentong nagsasaad ng impormasyon kung saan ipapadala ang pera, tulad ng pangalan, branch at address ng bangko, bank account number at pangalan ng may-ari ng bank account (maaaring dokumentong ipinagkaloob ng bangko, o may tatak sa kolum ng Bank Account Verification bilang patunay na mula ito sa bangko) 3. Passbook ng National Pension Fund

●Halaga ng lump-sum withdrawal refund (2009)

Bilang ng buwan na nagbayad ng kontribusyon	Benefit amount
6 ~ 11 buwan	43,980 yen
12 ~ 17 buwan	87,960 yen
18 ~ 23 buwan	131,940 yen
24 ~ 29 na buwan	175,920 yen
30 ~ 35 na buwan	219,900 yen
36 na buwan pataas	263,880 yen

* Iba ang kalkulasyon para sa mga panahong nalibre sa pagbabayad ng premium, depende sa uri ng pagkakalibre.

3/4 na libre → 1/4 na buwan

1/2 na libre → 1/2 buwan

1/4 na libre → 3/4 na buwan

Mula sa datos ng Social Insurance Agency

2 Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken)

Ito ang sistema ng pensiyon kung saan kasapi rito ang mga empleyado at may karagdagang matatanggap na pensiyon na batay sa kinikita ng isang empleyado, bukod sa kanyang Kokumin Nenkin.

2-1 Pagiging miyembro sa Employees' Pension

(1) Mga maaaring maging miyembro

Tulad ng health insurance, kung mayroong mahigit sa limang empleyadong full-time ang isang kompanya, nasasaklaw din ang mga dayuhang manggagawa ng Employee's Pension (Kousei Nenkin Hoken) kaya kailangan nilang sumali dito. Kung ang manggagawa ay isang part-timer, at kung ang kanyang oras ng trabaho o bilang ng araw ng trabaho ay umabot sa 75% ng doon sa mga regular na empleyado ng parehong kompanya, kailangang sumali ang manggagawa sa Employee's Pension (Kousei Nenkin Hoken).

(2) Paraan ng pag-aaplay sa Employees' Pension

Ginaganap sa pinagtatrabahuhang kompanya ang pag-aaplay para sa Employees' Pension. Sumangguni sa inyong kompanya o sa opisina ng social insurance.

(3) Pagbabayad ng pension premium

Bagamat tig-50% ang amo at ang manggagawa sa pagbabayad ng premium nito, maaaring magkaiba ang halaga nito depende sa natatanggap na buwanang sahod at bonus ng manggagawa. Dumadaan sa kompanya ang pagbabayad ng premium. Para sa detalye, sumangguni sa inyong kompanya o sa opisina ng social insurance.

2 Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken)

2-2 Uri ng benepisyo

(1) Pensiyon para sa mga matatanda (rourei kousei nenkin)

Kapag nakumpleto ng miyembro ng Employees' Pension ang takdang panahon (ibig sabihin, kailangang umabot sa 25 taon ang pagbabayad ng premium, kasama ang mga taon na nalibre sa pagbabayad nito) ng pagtanggap ng pensiyon para sa mga matatanda (rourei kiso nenkin) na nasa ilalim ng National Pension Fund, mula sa edad na 65 taong gulang, maaari niyang matanggap ang rourei kousei nenkin na dagdag pa sa kanyang rourei kiso nenkin.

(2) Pensiyon para sa mga may kapansanan (shougai kousei nenkin)

Kapag ang isang miyembro ng Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken) ay nagkaroon ng kapansanan at maaaring tumanggap ng shougai kiso nenkin ng natioanl pension fund, maaari din niyang makuha ang shougai kousei nenkin na dagdag pa sa shougai kiso nenkin.

(3) Pensiyon para sa mga namatayan (izoku kousei nenkin)

Kapag namatay ang isang miyembro ng Employees' Pension, at nagawa niya ang mga hinihiling na kondisyon, maaaring makuha ng kaniyang naiwang pamilya ang izoku kousei nenkin na dagdag pa sa izoku kiso nenkin ng National Pension Fund.

2 Employees' Pension (Kousei Nenkin Hoken)

(4) Lump-sum withdrawal refund system (kapag uuwi na sa sariling bansa)

Mayroong Lump-sum withdrawal refund system sa National Pension Fund at Employees' Pension. Ito ang sistema kung saan maaaring makuha ng isang dayuhan ang lump-sum withdrawal refund king siya ay nagbayad ng premium nang mahigit sa 6 na buwan habang siya'y nasa japan, at nag-aplay para makuha ang lump-sum withdrawal refund sa loob ng dalawang taon simula nang umuwi siya sa sarili niyang bansa. Para sa detalye, kumpirmahin ito sa Pensions Section ng inyong munisipyo.

●Tungkol sa pag-aaplay para makuha ang lump-sum withdrawal refund

Kondisyon ng Pag-aaplay	Mga Dokumentong Kailangang Ihanda	Mga Kalakip na Dokumento
Kailangang mag-aplay sa loob ng dalawang taon simula nang umuwi sa sariling bansa ang dayuhang nagbayad ng premium nang mahigit sa 6 na buwan.	Lump-sum withdrawal refund claim (National Pension Fund/ Employees' Pension)	1. Kopya ng pasaporte (pahinang nagsasaad ng petsa ng huling paglabas mula sa Japan, pangalan, kaarawan, nasyonalidad, pirma at uri ng visa) 2. Dokumentong nagsasaad ng impormasyon kung saan ipapadala ang pera, tulad ng pangalan, branch at address ng bangko, bank account number at pangalan ng may-ari ng bank account (maaaring dokumentong ipinagkaloob ng bangko, o may tatak sa kolum ng Bank Account Verification bilang patunay na mula ito sa bangko) 3. Passbook ng National Pension Fund

●Halaga ng makukuhang lump-sum sa Employees' Pension

Bilang ng buwan na insured	Halaga ng makukuhang pera
6 ~ 11 buwan	Average standard earnings* x contribution rate (insurance premium rate x 50% x 6)
12 ~ 17 buwan	Average standard earnings** x contribution rate (insurance premium rate x 50% x 12)
18 ~ 23 buwan	Average standard earnings x contribution rate (insurance premium rate x 50% x 18)
24 ~ 29 na buwan	Average standard earnings x contribution rate (insurance premium rate x 50% x 24)
30 ~ 35 na buwan	Average standard earnings x contribution rate (insurance premium rate x 50% x 30)
36 na buwan pataas	Average standard earnings x contribution rate (insurance premium rate x 50% x 36)

* average standard earnings = Ito ang kabuuang halaga ng inyong sahod at mga bonus sa loob ng panahon kung kailan kayo ay naka-insure, na hinati ayon sa bilang ng buwan kung kailan kayo ay naka-insure.

** Sa chart na ito, ang contribution rate sa buwan ng Oktubre sa nakaraang taon kung kailan kayong huling

G Pensiyon

Bumalik sa TOP ng G Pensiyon

nagbayad (ang “buwan ng inyong huling pagbayad” ay ang buwan bago sa buwan ng pagkawalang-bisa ng pagiging insured) ay tinatawag na “contribution rate”. Kung ang guwan ng inyong huling contribution ay mula Enero hanggang Oktubre, ang contribution rate ay katumbas ng contribution rate sa buwan ng Oktubre sa nakalipas na dalawang taon.

Mula sa website ng Chigasaki city